Mensahe Labindalawa

## Ang Tagapagbigay ng mga Kaloob at ang mga Bumubuong sangkap ng Kutamaya ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 4:7-16; 6:10-20

**I. Inilalahad sa atin sa Efeso 4:7-16 si Kristo bilang Tagapagbigay ng mga kaloob para sa intrinsikong pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo; ang pagtatayong ito ay sa pamamagitan ng pagbibigay, ng pamamahagi, ng dibinong biyaya ayon sa sukat ng kaloob ni Kristo:**

A. Bawat sangkap ng Katawan ni Kristo ay isang kaloob na hindi maaaring mawala sa Katawan—b. 7; 1 Cor. 12:14-22; Roma 12:4-5:

1. Ang kaloob ni Kristo ay isang tao na nabuoan ng buhay at elemento ni Kristo na naipamahagi tungo sa kanya sa pamamagitan ng Dibinong Trinidad—cf. 2 Cor. 1:15.
2. Ang bawat taong may-kaloob ay mayroong sukat, at ang dibinong biyaya ay ibinigay, ipinamamahagi, tungo sa kanya ayon sa sukat na iyon—Efe. 4:16; cf. Roma 12:3.

B. Ang intrinsikong pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo ay sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga taong may-kaloob, gaya ng mga apostol, mga propeta, mga ebanghelista, at mga pastol at mga guro, na nabuoan sa pamamagitan ng pamamahagi ng Dibinong Trinidad, sa pamamagitan ni Kristo bilang Ulo sa Kanyang pag-akyat sa langit (kabilang ang Kanyang pagkabuhay na muli), sa Katawan ni Kristo—Efe. 4:8-12:

1. Sinasabi sa Efeso 4:8, “Nang umakyat Siya sa itaas, dinala Niyang bihag yaong mga nabihag at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao.”:
   a. Ang *itaas* sa sipi mula sa Awit 68:18 ay tumutukoy sa Bundok Zion (bb. 15-16), na sumisimbolo sa ikatlong langit, kung saan naninirahan ang Diyos (1 Hari 8:30).
   b. Ipinahihiwatig sa Awit 68 na sa pamamagitan ng Kaban ay umakyat ang Diyos patungong Bundok Zion pagkatapos makamit ng Kaban ang katagumpayan (Bil. 10:35); inilalarawan nito kung paano nakamit ni Kristo ang katagumpayan at matagumpay na umakyat sa kalangitan.
   c. Sa pamamagitan ng Kanyang pansansinukob na trapiko at sa Kanyang pag-akyat sa langit, dinala ni Kristo bilang bihag yaong mga nabihag ni Satanas at ginawa silang mga kaloob sa Kanyang Katawan—Efe. 4:8-11:
      1) Ang mga tinubos na banal ay binihag ni Satanas bago sila naligtas sa pamamagitan ng kamatayan at pagkabuhay na muli ni Kristo—cf. Luc. 4:18.
      2) Sa Kanyang pag-akyat sa langit ay dinala silang bihag ni Kristo; yaon ay, Kanyang iniligtas sila mula sa pambibihag ni Satanas at dinala sila sa Kanyang sarili—Awit 68:18.
      3) Sa Kanyang pag-akyat sa langit ay dinala sila ni Kristo patungong kalangitan bilang Kanyang mga bihag sa Kanyang hanay ng mga nalupig na kaaway at ginawa silang mga kaloob sa Kanyang Katawan.

4) Ngayon, ipinagdiriwang ni Kristo ang Kanyang tagumpay laban sa kanila, ang Kanyang mga nalupig na kaaway, at pinangungunahan sila bilang Kanyang mga bihag sa isang matagumpay na prusisyon sa Kanyang pagkilos para sa Kanyang ministeryo na itayo ang Kanyang Katawan—2 Cor. 2:14.

2. Lalong umaakyat at bumababa si Kristo sa loob natin, binibihag at nilulupig tayo, lalo Niya tayong pinupuspos ng Kanyang sarili upang buoan tayo bilang mga kaloob sa Kanyang Katawan—cf. Efe. 4:9-10.

C. Ang intrinsikong pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo ay sa pamamagitan ng pagpapasakdal sa mga banal ng mga taong may-kaloob sa dibinong pamamahagi upang magawa ng lahat ng banal ang gawain ng ministeryo sa Bagong Tipan, iyon ay, ang pagtatayo ng Katawan ni Kristo—bb. 11-12:

1. Pinasasakdal ng mga taong may-kaloob ang mga banal sa pamamagitan ng pagpapakain sa kanila ayon sa puno ng buhay na may panustos-buhay para sa kanilang paglago sa buhay—Gen. 2:9; 1 Cor. 3:2, 6.
2. Pinasasakdal ng mga taong may-kaloob ang mga banal upang gawin ang kanilang ginagawa para sa tuwirang pagtatayo ng Katawan ni Kristo—Mat. 16:18; Efe. 4:11-12; cf. 1 Tim. 1:16; 4:12.
3. Ang resulta ng pagpapasakdal na ito ay yaong mararating nating lahat ang kaisahan ng pananampalataya at ng lubos na pagkakilala sa Anak ng Diyos, ang ganap na lumagong tao, at ang sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo—Efe. 4:13; cf. Juan 17:23.
4. Ang pagpapasakdal na ito ay magsasanhi sa ating huwag nang maging maliliit na bata na sinisiklot ng mga alon at tinatangay ng bawat hangin ng pagtuturo sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao, sa pamamagitan ng katusuhan na may pananaw na mapasaisang sistema ng kamalian—Efe. 4:14.
5. Ang pagpapasakdal na ito ay magsasanhi sa bawat sangkap ng Katawan ni Kristo na maging isang nagtatayong sangkap sa loob ng pag-ibig—lumalago tungo sa Ulo at nagpapangsyon mula sa Ulo—bb. 15-16.

**II. Inihahayag ng Efeso 6:10-20 na si Kristo ang mga bumubuong sangkap ng kutamaya ng Diyos:**

A. Ang buong kutamaya ng Diyos ay para sa buong Katawan ni Kristo bilang sama-samang mandirigma, hindi para sa anumang indibidwal na sangkap ng Katawan; dapat makipaglaban tayo sa espiritwal na digmaan sa loob ng Katawan, hindi bilang mga indibidwal—bb. 10-13; Sant. 4:7; cf. Roma 13:12-14; Deut. 32:30.

B. Sa Efeso 2, nakaupo tayo kasama ni Kristo sa sangkalangitan upang makilahok sa lahat ng Kanyang naisakatuparan (b. 6); sa mga kapitulo 4 at 5, lumalakad tayo sa loob ng Kanyang Katawan sa lupa upang isakatuparan ang walang hanggang layunin ng Diyos (4:1, 17; 5:2, 8, 15); pagkatapos sa kapitulo 6, tumatayo tayo sa Kanyang kapangyarihan sa sangkalangitan upang makipaglaban sa kaaway ng Diyos (bb. 11, 13-14; cf. 1 Juan 5:4, 18; Juan 3:6b).

Mensahe Labindalawa (pagpapatuloy)

C. "Kaya't tumayo kayo, na nabibigkisan ng katotohanan ang inyong mga baywang"—Efe. 6:14a:
   1. Ang *katotohanan* dito ay tumutukoy sa Diyos sa loob ni Kristo bilang realidad sa ating pamumuhay, yaon ay, ang Diyos na natanto at naranasan natin sa ating pamumuhay; sa katunayan ito ay si Kristo Mismong ipinamumuhay natin—4:15, 21, 24-25; Juan 14:6; 8:31-32, 36.
   2. Ang katotohanang ipinambigkis sa atin sa katunayan ay ang Kristo na ating nararanasan; dahil ang pamumuhay ni Pablo ay naiwangis sa tularan ni Kristo, nagkaroon siya ng kalakasang harapin ang lahat ng pagsalungat at masamang pangyayari—Efe. 4:20-21; Fil. 1:19-21a.

D. "Suot ang baluti ng katuwiran"—Efe. 6:14b; 1 Cor. 1:30; Jer. 23:6:
   1. Si Kristo bilang baluti ng katuwiran ay nagtatakip sa ating budhi, na isinasagisag ng dibdib; sa pakikipaglaban kay Satanas, ang nag-aakusa sa atin, kailangan natin ng isang budhing pinadalisay ng dugo, isang budhing walang kasalanan—Heb. 9:14; 10:22; Gawa 24:16.
   2. "At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero" (Apoc. 12:11); dapat ang ating tugon sa mga pag-aakusa ni Satanas ay, "Dinaig ko si Satanas, ang nag-aakusa, hindi sa pamamagitan ng aking kasakdalan ni hindi rin sa pamamagitan ng isang budhing walang kasalanan kundi sa pamamagitan ng dugo ng Kordero; napoproteksyonan ako laban sa kanyang mga pag-aakusa sa pamamagitan ng baluti ng katuwiran."

E. "At nasasapnan ang inyong mga paa ng matibay na pundasyon ng ebanghelyo ng kapayapaan"—Efe. 6:15:
   1. Gumawa na si Kristo ng kapayapaan para sa atin sa krus, kapwa sa Diyos at sa tao, at ang kapayapaang ito ay naging ating ebanghelyo; ang ebanghelyo ng kapayapaan ay naitatag na bilang isang matibay na pundasyon, bilang isang kahandaang maaaring ipansapin sa ating mga paa—2:13-17.
   2. Nakikipaglaban tayo sa espiritwal na digmaan sa pamamagitan ng pagtayo sa kapayapaan; kung maiwala natin ang kapayapaan sa pagitan natin at ng Diyos o sa pagitan natin at ng ibang mga mananampalataya, maiwawala natin ang katayuang makipaglaban—Col. 3:15.

F. "Bukod sa lahat ng ito, kinukuha ang kalasag ng pananampalataya, na siyang maipampapatay ninyo sa lahat ng nagliliyab na suligi ng masamang isa"—Efe. 6:16; 2 Cor. 4:13; Heb. 12:2:
   1. Ang mga nagliliyab na suligi ay ang mga tukso, mga mungkahi, mga alinlangan, mga katanungan, mga kasinungalingan, at mga pag-atake ni Satanas; kailangan nating kunin ang kalasag ng pananampalataya upang mapatay ang mga nagliliyab na suliging ito.
   2. Kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu ng pananampalataya kasama ang ating nasupil at nabuhay na muling pagpapasya upang manampalataya na ang pagpapakita ng Panginoon ay upang puksain ang mga gawa ng diyablo—1 Juan 3:8; Mat. 16:22-23; Luc. 4:39-41; Mat. 12:28; Luc. 10:17, 19.
   3. Kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu ng pananampalataya upang manampalataya na pinuksa na ng kamatayan ng Panginoon si Satanas—Heb. 2:14; Gen. 2:17; 3:15; Gal. 2:20; Roma 6:3-6; 1 Cor. 15:54-58.

4. Kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu ng pananampalataya upang manampalataya na ipinahiya na ng pagkabuhay na muli ng Panginoon si Satanas—Col. 2:12-15, 20; 3:1; Juan 14:30; Fil. 3:10; Isa. 61:10; Zec. 3:4-5.
5. Kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu ng pananampalataya upang manampalataya na ang pag-akyat sa langit ng Panginoon ay sa kaiba-ibabawan ng kapangyarihan ni Satanas—Efe. 1:19-23; 2:6; 6:11, 13.
6. Kailangan nating manampalataya sa Diyos, na siyang totoo, buháy, naririto, at laan—Marc. 11:22; Apoc. 1:18.
7. Kailangan nating manampalataya sa puso ng Diyos; ang puso ng Diyos para sa atin ay palaging mabuti; wala Siyang intensiyon na parusahan tayo, na saktan tayo, o na magsanhi sa atin ng pagkalugi—Roma 8:28-39.
8. Kailangan nating manampalataya sa katapatan ng Diyos; hindi makapagsisinungaling ang Diyos kundi palaging tapat sa Kanyang salita—1 Cor. 1:9; 1 Juan 1:9; Tito 1:2.
9. Kailangan nating manampalataya sa abilidad ng Diyos—Efe. 3:20.
10. Kailangan nating manampalataya sa salita ng Diyos; ang Diyos ay nakataling tuparin ang lahat ng Kanyang isinalita—cf. 1 Tes. 5:24; Efe. 6:17-18.
11. Kailangan nating manampalataya sa kalooban ng Diyos—1:5, 9, 11.
12. Kailangan nating manampalataya sa pagkasoberano ng Diyos; sa ilalim ng Kanyang pagkasoberano kahit ang ating mga pagkakamali ay gumagawa para sa ikabubuti—Roma 9:19-29.

G. "Tanggapin ninyo ang helmet ng kaligtasan"—Efe. 6:17a:
1. Ang helmet ng kaligtasan ay para takpan ang ating kaisipan, ang ating mentalidad, laban sa mga negatibong kaisipang ibinabato ng masamang isa; ang gayong helmet, ang gayong pantakip, ay pagliligtas ng Diyos.
2. Nagtuturok si Satanas ng mga pagbabanta, mga pag-aalala, mga kabalisahan, mga pagkatakot, at iba pang nakapanghihinang kaisipan tungo sa ating kaisipan; ang pagliligtas ng Diyos ang pantakip na kinukuha natin laban sa lahat ng ito, at ang kaligtasang ito ay ang nagliligtas na Kristo na nararanasan natin sa ating pang-araw-araw na buhay—Juan 16:33; Fil. 1:19; Roma 5:10; 10:12-13.

H. Tanggapin ninyo "ang tabak ng Espiritu, na ang Espiritu ay ang salita ng Diyos"—Efe. 6:17b:
1. Sa anim na aytem ng kutamaya ng Diyos, ang tabak ng Espiritu ang tanging pang-atake sa kaaway; gamit ang tabak ay pinagpipira-piraso natin ang kaaway.
2. Si Kristo bilang ang Espiritu at ang salita ang nagbibigay sa atin ng tabak bilang sandatang pansalakay upang talunin at patayin ang kaaway.
3. Kapag ang logos (ang palagiang salita sa Biblia) ay naging rhema (ang kasalukuyan, kagyat, buháy na pagsasalita ng Espiritu) sa atin, ang rhema na ito ay ang tabak na nagpipira-piraso sa kaaway—cf. Juan 6:63.

I. "Sa pamamagitan ng lahat ng panalangin at daing, nananalangin sa bawat panahon sa espiritu at nagbabantay tungo rito sa buong katiyagaan at daing hinggil sa lahat ng banal"—Efe. 6:18:

Mensahe Labindalawa (pagpapatuloy)

1. Ang panalangin ay maaaring ituring na ikapitong aytem ng kutamaya ng Diyos, sapagkat ito ang kaparaanang ipinang-aaplay natin sa iba pang aytem.
2. Ang panalangin ang namumukod-tanging paraan upang iaplay si Kristo bilang kutamaya ng Diyos; ang panalangin ang nagsasanhing maging laan ang kutamaya sa atin sa isang praktikal na paraan.

*© 2024 Living Stream Ministry*